

Mga Madalas Itanong:

Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Public Charge at Mga Benepisyong Pampubliko

Ang impormasyong ito ay bago at tama mula Nobyembre 22, 2022.

1. Ano ang public charge?

Ang public charge ay salitang ginagamit sa batas tungkol sa imigrasyon para ilarawan ang isang tao na malamang na umasa sa mga benepisyo ng pamahalaan para sa suporta.

Ang “public charge” ay isang pagsusuring ginagamit ng Mga Serbisyo ng Estados Unidos sa Pagkamamamayan at Imigrasyon (US Citizenship and Immigration Services, USCIS) para magpasya kung sino ang papayagan nilang makapasok sa Estados Unidos, sino ang maaaring mag-renew ng ilang pansamantalang visa, at kung sino ang maaaring makakuha ng Permanenteng Paninirahan na Ayon sa Batas (Lawful Permanent Residency, LPR)—kilala rin bilang green card. **TANDAAN: Hindi naaangkop ang public charge sa mga LPR na nagpe-petition para maging mga naturalized na mamamayan ng Estados Unidos.**

2. Kailan ginagamit ng pederal na pamahalaan ang pagsusuri ng public charge?

Naaangkop ang public charge sa limitadong bilang ng mga legal na katayuan sa imigrasyon, tingnan ang tanong #10 para sa mga exempted, at sa mga partikular na bahagi lang sa daan tungo sa imigrasyon.

Sa pangkalahatan, ginagamit ang pagsusuri ng public charge kapag ang isang tao ay:

- Nag-apply para pumasok sa Estados Unidos
- Nag-apply para ayusin ang kanilang katayuan sa imigrasyon para maging LPR
- Ay isang LPR at muling pumapasok sa bansa pagkatapos umalis sa Estados Unidos nang mahigit sa anim na magkakasunod na buwan

3. Nagbago ba ang panuntunan ng public charge?

Noong Setyembre 8, 2022 naglabas ang administrasyon ni Biden ng bagong Pinal na Panuntunan na nagbibigay ng proteksyon sa mga imigrante at kanilang mga pamilya kung tumatanggap sila ng suporta sa pamamagitan ng maraming programa ng benepisyong pampubliko. Sinubukang baguhin ng Administrasyon ni Trump ang kasanayan na ginagamit mula pa noong 1999 sa pamamagitan ng pagpapalawig ng listahan ng mga programa na maaaring isaalang-alang sa ilalim ng pagsusuri ng public charge. Kumilos ang mga tagasuporta (advocates) para salungatin ang patakaran ni Trump, at para bigyan ng impormasyon ang mga komunidad ng imigrasyon tungkol sa kanilang mga karapatan at ang mga serbisyong magagamit nila. Sandali lang ipinatupad ang patakaran ni Trump, at pagkatapos itong hadlangan ng mga hukuman, ganap na ito ngayong binawi at pinalitan.

4. Ano ang ibig sabihin nito para sa mga imigrante?

- Ang mga imigrante ay maaaring ligtas na gamitin ang mga programa sa kalusugan, nutrisyon, at pabahay na kwalipikado sila at ang kanilang pamilya.
- Ang paggamit ng mga imigrante ng Medi-Cal, CalFresh, pampublikong pabahay, o Section 8 na voucher para sa tulong sa pag-upa ay **HINDI** isasaalang-alang kapag nag-apply para sa LPR status o kapag pumasok sa Estados Unidos.
- Ang medikal na paggamot o mga serbisyong pang-iwas sa sakit ng mga imigrante para sa COVID-19, kasama ang mga bakuna, ay **HINDI** isasaalang-alang para sa mga layunin ng public charge.

Mga Madalas Itanong: Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Public Charge at Mga Benepisyong Pampubliko

5. Aling mga programa ang patuloy na isasaalang-alang sa pagsusuri ng public charge?

Kung mag-a-apply ka para sa LPR o papasok sa bansa, ang isinasaalang-alang na **mga programa lang** sa ilalim ng pagsusuri ng public charge ay ang:

- Mga programa ng tulong na salapi (cash assistance), tulad ng CalWORKs, Pangkalahatang Tulong (General Assistance, GA), at Karagdagang Security Income (Supplemental Security Income, SSI)
- Pangmatagalang pangangalaga sa institusyon na binabayaran ng Medi-Cal

Ang paggamit lang sa mga benepisyong ito ay hindi hahantong sa awtomatikong pagpapasya na ikaw ay malamang na maging isang public charge. Isang salik lang ito sa maraming isinasaalang-alang kapag gumagawa ng pagpapasya.

6. Nalaman ko na kung tumatanggap ako ng CalFresh, mas mahihirapan akong makuha ang aking LPR. Totoo ba iyon?

Hindi. Ang mga benepisyo ng CalFresh ay hindi isinasaalang-alang sa pagsusuri ng public charge.

7. Nalaman ko na kung tumatanggap ako ng Medi-Cal, mas mahihirapan akong makuha ang aking LPR. Totoo ba iyon?

Hindi. Ang mga benepisyo ng Medi-Cal ay hindi isinasaalang-alang sa pagsusuri ng public charge.

8. Nalaman ko na kung nakatira ako sa pampublikong pabahay o tumatanggap ng voucher sa pabahay o iba pang tulong sa pag-upa, mas mahihirapan akong makuha ang aking LPR. Totoo ba iyon?

Hindi. Ang pagtira sa pampublikong pabahay, pagtanggap ng voucher sa pabahay, o iba pang tulong sa pag-upa ay hindi isinasaalang-alang sa pagsusuri ng public charge.

9. Paano kung hindi ako tumatanggap ng anumang benepisyo pero tumatanggap nito ang aking mga anak. Makakaapekto ba sa aking application para sa LPR ang kanilang paggamit ng mga benepisyong ito?

Hindi. Ang mga benepisyong natanggap sa ngalan ng mga anak ay hindi makakaapekto sa application ng indibiduwal para sa LPR.

10. Naaangkop ba ang pinal na public charge sa lahat ng imigrante?

Hindi, ang sumusunod ay listahan ng mga kategorya na hindi kasama:

- Mga naturalized na Mamamayan ng Estados Unidos
- Mga Lawful Permanent Resident
- Mga Refugee at Asylee
- Special Immigrant Juvenile Status
- Mga U-Visa at T-Visa Holder
- Mga Nagpetisyon sa Sarili alinsunod sa Violence Against Women Act (VAWA)
- Temporary Protected Status (TPS)
- Mga Espesyal na Imigranteng Afghan at Iraqi
- Mga indibiduwal na nabigyan ng relief sa ilalim ng:
 - CAA
 - NACARA
 - HRIFA

Ang bawat kaso sa imigrasyon ay natatangi. Patuloy na hinihikayat ng Social Services Agency ang mga kliyente at miyembro ng publiko na kontakin ang LIBRENG Linya para sa Legal na Payo ng Bay Area Legal Aid sa 1 (800) 551-5554, kung mayroon silang mga tanong tungkol sa kung paano posibleng makaapekto

Mga Madalas Itanong: Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Public Charge at Mga Benepisyong Pampubliko

sa kanilang katayuan sa imigrasyon ang paggamit ng mga benepisyong pampubliko. Makakakuha ng suporta sa lahat ng wika.

11. Ginagamit ba ang pagsusuri ng public charge kung mag-a-apply ang indibiduwal para sa naturalisasyon (pagkamamamayan)?

Hindi. Hindi naaangkop ang panuntunan ng public charge sa mga application para sa naturalisasyon (pagkamamamayan).

12. Mayroon akong mga tanong tungkol sa aking katayuan sa imigrasyon at kung dapat ba akong mag-apply para sa mga benepisyong pampubliko. Sino ang dapat kong kausapin tungkol sa aking mga tanong?

Hinihikayat ng Social Services Agency ang mga indibiduwal at pamilya na humingi ng payo mula sa mga respetadong non-profit na nagbibigay ng serbisyo tungkol sa imigrasyon kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na referral:

- Asian Pacific Islander Legal Outreach (510) 251-2846
- Bay Area Legal Aid 1 (800) 551-5554 o (510) 250-5270
- Catholic Charities of the East Bay (510) 768-3100
- Centro Legal De La Raza (510) 437-1554
- East Bay Community Law Center (510) 548-4040
- International Institute of the East Bay (510) 451-2846 x 301

13. Nagbago ba ang pagiging kwalipikado para sa mga benepisyong pampubliko?

Hindi. Hindi nagbago ang mga panuntunan para sa mga benepisyo at serbisyong pampubliko ng California. Nananatiling pareho ang mga kinakailangan para maging kwalipikado para sa mga indibiduwal at pamilya. Ang Social Services Agency ay magpapatuloy sa pagproseso ng lahat ng application at pag-renew at magbibigay ng mga benepisyo sa mga kwalipikadong indibiduwal at pamilya gaya ng ginawa nila bago ang bagong panuntunan ng public charge.

14. Ano ang ibig sabihin nito sa mga indibiduwal at pamilya na kasalukuyang tumanggap ng mga benepisyong pampubliko at may mga nakabinbing kaso sa imigrasyon? Ano ang dapat nilang gawin?

Ang bawat kaso sa imigrasyon ay may natatanging pangkat ng mga sitwasyon, walang magkaparehong dalawang kaso. Dapat i-refer ang mga indibiduwal at pamilya na makipag-usap sa isang respetadong abogado sa imigrasyon. **Hindi kailanman magbibigay ang kawani ng Social Services Agency ng anumang legal na payo sa mga indibiduwal at pamilya.**

15. Nababahala ang mga indibiduwal at pamilya sa pagkapribado ng kanilang impormasyon. Paano ginagamit ng Social Services Agency ang impormasyong ibinigay nila?

Ginagamit lang ng Social Services Agency ang impormasyong ibinigay para malaman kung kwalipikadong makakuha ng mga benepisyo ang mga indibiduwal at pamilya. Walang pederal na pamahalaan ang may access sa mga sistema ng Ahensiya para sa aksyon ng pagpapatupad ng imigrasyon. Maaaring kailangang beripikahin ng Social Services Agency ang impormasyong ibinigay sa application para sa benepisyong pampubliko sa pederal na pamamahalan, pero para lang kumpirmahin ang pagiging kwalipikadong tumanggap ng mga serbisyo. Hindi nagbabahagi ang Ahensiya ng anumang impormasyon tungkol sa mga miyembro ng sambahayan na hindi nag-a-apply para sa mga benepisyo, impormasyon lang na ibinigay tungkol sa pinansyal na sponsor.

Mga Madalas Itanong: Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Public Charge at Mga Benepisyong Pampubliko

16. Maaalis ba sa mga computer system ng CA Department of Social Services ang impormasyon ng kaso kapag itinigil ang mga benepisyo?

Hindi. Magpapanatili ng rekord ng lahat ng kaso ang mga computer system ng estado at lokal, kaya patuloy na magkakaroon ng impormasyon sa file ang Social Services Agency.

17. Saan makakahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa public charge?

- [Panatilihin ang Iyong Mga Benepisyo \(Keep Your Benefits\)](#)
- [Pagprotekta sa Mga Imigranteng Pamilya \(Protecting Immigrant Families\)](#)
- [Pambansang Sentro para sa Batas tungkol sa Imigrasyon \(National Immigration Law Center\)](#)
- [Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California \(California Department of Social Services\)](#)
- [Mga Mapagkukunan tungkol sa Public Charge ng USCIS](#)

18. Ipagpapatuloy bang ibahagi ang impormasyon tungkol sa panuntunan ng public charge?

Oo. Bisitahin ang website ng Mga Ugnayang Pang-imigrante ng Social Services Agency para sa pinakabagong [mga mapagkukunan tungkol sa imigrasyon](#).